# Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 20

"7 Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7) Ito ang katangian na ibabalik mo kung ano ang ibinigay mo sa iba. Ibigay sa iba kung ano ang gusto mong matanggap sa Diyos. Kung gusto mo ng kapatawaran, tapos patawarin mo ang iba, kung gusto ng awa, tapos pakitaan mo ng awa ang iba.

Mapalad ang mahabagin na nagpapakita ng kahabagan sa katawan ng tao sa sumusunod na paraan:

1. Sila'y nagpapakita ng awa sa mga mahihirap at sala't sa lahat ng pangunahing bagay sa buhay.
2.Sila'y nagpapakita ng awa sa mga nangangailangan, sinumang walang anumang bagay. Sinumang walang sapat na pangangailangan, maari sila ay mayaman ngunit sila'y nangangailangan ng ibang bagay at ito'y kailangan nila.
3. Sila'y nagpapakita ng awa sa mga sawi, sila'y walang sapat na mga pangunahing bagay para sa kanilang pamumuhay sa karagdagan dito na sila'y nasa hindi kanais nais na pangyayari, katulad ng nasa digmaan, sa karamdaman, sa ilalim ng pagnanakaw, kulungan, kidnap, pagaabuso, natural na kalamidad.

Kaya sa lahat ng grupong ito para sa atin na maipakita ang awa ay kailangan natin suriin ang kailangan at kailangan natin bigyan sila kung ano ang hinihingi.

Paano gawin ito? Hindi lamang sa pareho pakikiramay sa kanila, hindi lamang na makikita na naawa ka at nagaalala ka patungo sa kanila, datapuwat sa pagbibigay sa kanila ng kanilang kailangan at pakikipagugnayan sa kanila ano ang kanilang kakulangan na may kahandaan at kasiyahan, na may pagmamahal at kagiliwan.

Nagpapakita din tayo ng awa sa paguutos sa lalaki na ignorante, na hindi alam ang Salita ng Diyos at kalooban ng Diyos, pagbibigay sa kanila ng mabuting pasiya, direksyon sa buhay at payo.
Nagpapakita tayo ng awa sa pagsasaway sa kanila, sa pagtutuwid sa kanila, pananalangin sa kanila, pagpapatawad sa mga pinsala nagawa nila.

Nagpapakita tayo ng awa sa pagbibigay ng kasiyahan sa mga nalulungkot. Sa pagpapakita ng awa ay kaayaaya at kanais nais sa Diyos; ito ay hinihingi mula sa atin bilang mga anak ng Diyos, at tayo ay magiging higit na katulad Niya na ating Ama nasa langit.

Ang kasiyahan ng ganitong tao ay ito; na kailangan niyang maging maawain, mula sa tao saan man sila makadalo sa kahit saan na hindi komportableng pangyayari sa buhay, sino na maawain, ang tao ay ipakita ang awa sa kanya, at mula sa Diyos, sa pamamagitan ni Kristo,pinakamataas, sagana, at walang hanggan.

Ang mga kalalakihan ay sinabihan na magbigay awa noong sila'y manumbalik at tinawag sa biyaya. Noong tayo ay naligtas sa dugo ni Jesus, natanggap natin ang awa ng Diyos sa pagpapatawad ng ating mga kasalanan. Samakatuwid, mula sa sandali na tayo ay tinawag na makonsensiya na magbigay at magpakita ng awa sa sinumang nangangailangan sa kanila kung kailan natin nadiskubre at kailan at anuman ang kailangan nila sa atin. Kasama rito, tayo ay karapat dapat din na makakuha ng biyaya at awa, kung saan tayo bilang maawain na tao, maari nating maasahan na makahanap at makakuha, sa trono ng biyaya, na makatulong sa atin sa oras ng pangangailangan.

Higit sa awa natanggap natin mula sa Diyos ngayon sa buhay na ito, tayo din ay karapat dapat sa awa ng Diyos sa mundo na darating, sa pinaka mahalagang araw ng Panginoon; sa kung saan ang Apostol ay nanalangin Kay Onesiphorus, "18 (Pagkalooban nawa siya ng Panginoon na masumpungan niya ang kahabagan ng Panginoon sa araw na yaon); at totoong alam mo kung gaano karaming mga bagay ang ipinaglingkod niya sa Efeso." (2 Timoteo 1:18) Si Onesipro ay bumisita kay Pablo at tinulungan siya sa kanyang pagdadalamhati sa kulungan noong siya ay nasa Roma. Hinanap niya si Pablo, tiningnan niya kung saan niya maabot ito. Siya at ang kanyang pamilya ay mabuting tulong para Kay Pablo. Sila'y tumulong kay Pablo at nagpakita ng awa noong si Pablo ay nasa Epeso, ay ngayon nagpakita ulit ng awa si Onesipro kay Pablo nung siya ay nasa Roma. Si Onesipro ay hindi nahihiya kay Pablo at hindi natatakot na tulungan si Pablo. Samakatuwid hiniling ni Pablo na siya ay pakitaan ng awa ng Panginoon, hindi lamang siya kundi pati na rin ang kanyang pamilya. "16Pagkalooban nawa ng Panginoon ng habag ang sangbahayan ni Onesiforo: sapagka't madalas niya akong pinaginhawa, at hindi ikinahiya ang aking tanikala; 17Kundi, nang siya'y nasa Roma, ay hinanap niya ako ng buong sikap, at ako'y nasumpungan niya.

18Pagkalooban nawa siya ng Panginoon na masumpungan niya ang kahabagan ng Panginoon sa araw na yaon; at totoong alam mo kung gaano karaming mga bagay ang ipinaglingkod niya sa Efeso." (2 Timoteo 1:16-18) Humiling si Pablo ng higit pa, sapagkat ang mga Romano na kanyang inaasahan na tutulong sa kanya at makasama niya, sila'y hindi gumawa niyon patungo sa kanya noong si Pablo ay nangangailangan. Samakatuwid maging masipag na abutin ang mga tao sa kanino nais ng Diyos na abutin at tulungan sila. Maging mapagpasensiya at nais magpakasakit na maipakita ang awa sa iba at ito'y paraan na ikaw makakakuha ng awa mula sa Diyos.

Si Pablo ay humiling ng awa sa pamilya ni Onesiforo, sapagkat si Onesiforo, ay he ndo makakaya kumilos maliban ang kanyang pamilya ay susuportahan siya. Ang buong pamilya ay sama sama kumilos upang maipakita ang habag sa mga nangangailangan ng awa.

Ang ating Diyos ay maawain. Atin ngayon pagaralan ang Kasulatan upang ating matuklasan paano ang Diyos ay nagpakita ang habag at atin ngayon linangin mula sa Kasulatan at mula sa Diyis paano maipakita ang awa:

1. Nagpakita ng awa ang Diyos kay Lot at sa kaniyang pamilya sa pagliligtas sa kanila mula sa Kanyang paghatol sa Sodom at Gomorrah: Noong niligtas ng Diyos si Lot, at kanyang asawa at 2 anak na babae mula sa pagwasak, nalaman ni Lot ang awa ng Diyos sa kanya. Si Lot ay nasa miserableng sitwasyon na nagawa niya makita ang biyaya at awa ng Diyos. Maari ba natin makita amg biyaya ng Diyos at Kanyang awa sa atin kahit nasa sitwasyon na nawwala ang lahat ng bagay sa ating buhay? Dinagdagan din ng Diyos ng Kanyang awa kay Lot sa pagtanggap ng kanyang kahilingan na pumunta sa Zoar at hindi sa bundok, para sa Diyos tinanggap ang kahilingan ni Lot noong nakita niya ang pagsunod at kanyang kagustuhan na umalis mula sa Sodom. "18 At sinabi sa kanila ni Lot, Huwag ganiyan, panginoon ko: 19 Narito, ngayo't ang lingkod mo ay nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, at pinakalaki mo ang iyong awang ipinakita sa akin sa pagliligtas ng aking buhay; at ako'y di makatatakas sa bundok, baka ako'y abutan ng sama, at ako'y mamatay. 20 Narito, ang bayang ito ay malapit takasan at maliit: Oh tulutan mong tumakas ako roon, (di ba yao'y maliit?) at mabubuhay ako. 21 At sinabi sa kaniya, Narito, sa bagay mang ito ay pinayagan din kita, na hindi ko gugunawin ang bayang iyong sinalita. 22 Magmadali ka, tumakas ka roon; sapagka't wala akong magagawa hanggang sa dumating ka roon. Kaya't ang pangalang itinawag sa bayang yaon ay Zoar. 23 Ang araw ay nakalitaw na sa lupa nang dumating si Lot sa Zoar. 24 Nang magkagayo'y nagpaulan ang Panginoon sa Sodoma at Gomorra ng azufre at apoy mula sa Panginoon na buhat sa langit; 25 At ginunaw niya ang mga bayang yaon, at ang buong Kapatagan at ang lahat ng nanganananahan sa mga ba yang yaon, at ang tumutubo sa lupang yaon. " (Genesis 19:18-25) Naipakita ang awa kay Lot sapagkat marahil ay hindi makayanan na maglakad at umakyat sa bundok.Ninais ni Lot na mawala sa kanya ang lahat na nasa Sodom, kanyang bahay, kaniyang ari-arian, pamilya ng kanyang anak na babae. Sa katunayan nawala sa kanya ang lahat, at siya ay nangangailangan at nasa miserbaleng sitwasyon, samakatuwid ang Diyos ay naawa sa kanya. Ang sabi ng ilan sa tamang panahon, ang Diyos ay kinukuha ang ilang mga bagay sa atin, yayo pagpapalain Niya at pakikitaan tayo ng Kaniyang awa. Sa parehong paraan, ang Diyos ay maawain sa atin noong tayo ay iniligtas, at magpapatuloy Siya na kaawaan tayo kung makikita Niya na tayo ay sumusunod sa Kanya at gusto na ibigay ang materyal na bagay ayon sa paglakad sa Kanyang paraan at gawin ang Kanyang kalooban.

Kung babasahin pa natin makikita natin ang mga sumusunod: "26 Datapuwa't ang asawa ni Lot ay lumingon sa likuran ni Lot, at naging haliging asin." (Genesis 19:26) Ang Diyos ay maawain kay Lot at sa kanyang pamilya, ngunit hindi sa aabot na pahintulutan ang kasalanan. Hinarap ng Diyos ang kanyang asawa at sa kanyang pagsuway. Siya ay maawain ngunit hahatulan niya kung ang mga bagay ay mali. Siya ay hahatol kung makikita niya tayo ay umaabuso sa biyaya ng Diyos. "6 At ang Panginoo'y nagdaan sa harap niya, na itinanyag, Ang Panginoon, ang Panginoong Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan; 7 Na gumagamit ng kaawaan sa libolibo, na nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan: at sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin; na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ikatlo at ika apat na salin." (Exodus 34:6-7).

2.Nagpakita ang Diyos ng awa kay Abraham sa pagbibigay sa kanya ng makaDiyos na asawa para sa kanyang anak na si Isaac: "27 At siya'y nagsabi, Purihin ang Panginoon, ang Dios ng aking panginoong si Abraham, na hindi inilayo ang kaniyang habag at ang kaniyang pagtatapat, sa aking Panginoon: tungkol sa akin, ay pinatnugutan ako ng Panginoon sa daan hanggang sa bahay ng mga kapatid ng aking Panginoon." (Genesis 25:27)

Ito ang pagpupuri ng alipin ni Abraham noong itinuro sa kanya ang bahay ng kapatid ni Abraham upang makakuha ng magiging asawa ni Isaac mula doon. Ang Panginoon ay nagpakita ng Kanyang awa kay Abraham sa pamamagitan ng paggabay sa kanyang alipin na makarating sa pamilya ng kanyang kapatid na nasa Mesopotamia. Sa ganitong hakbang ng Diyos sinigurado na magkaroon ng makaDiyos na asawa para kay Isaac, kaya si Abraham ay magkaroon ng makaDiyos na supling pagkatapos ni Isaac.

Si Abraham ay hindi mahirap o hindi miserable ngunit siya ay mayroon tunay na kailangan. Sa parehong paraan, bilang pagayos ng ating puso upang mamuhay ng makaDiyos, upang magkaroon ng makaDiyos na pamilya, upang mapalaki ang ating mga anak sa makaDiyos na paraan, kararangalan ng Diyos ang ating nais para sa ating mga anak na magkaroon ng makaDiyos na pamilya, na ihahanap Niya para sa kanila na makaDiyos na babae kanino Siya ay bubuo ng makaDiyos na pamilya at sila'y pagkakaroon nv makaDiyos na mga anak.

Ang alipin ni Abraham ay nakilala ang kahabagan ng Diyos sa kanyang panginoon si Abraham noong nakita niya na ginabayan siya ng Diyos sa bahay ng kapatid no Abraham at natagpuan ang angkop na asawa na si Rebekah para Kay Isaac. Bilang pagsunod ni Abraham sa Diyos, pinakitaan Siya ng awa. Maaring si Abraham ay nagtamo ng awa pagkatapos niya magpakita ng awa. Si Abraham ay nagpakita ng awa Kay Isaac noong iginapos siya sa altar at handang iaalay sa Diyos bilang handog na sinunog. Samakatuwid kailangan din natin magpakita ng awa sa tuwing pinamuminuan tayo ng Diyos patungo sa ating pamilya, anak, sapagkat hindi natin alam kung kailan na kailangan ang Diyos na ibalik ang ganito awa sa atin.

Si Abraham ay hindi mahirap, ngunit siya ay malaman, Si Abraham ay hindi miserable na kondisyon, at mahusay siya sa kanyang gawain, ngunit kailangan niya mkatiyak sa hinaharap ng kanyang anak na si Isaac. Sa parehong paraan kahit na tayo ay malaman, kahit na tayo ay a gawain, kailangan pa rin natin ang awa ng Diyos upang matustusan ang tiyak na pangangailangan sa ating buhay. Samakatuwid kailangan natin magpatuloy na sumunod sa Diyos at magpakita ng awa sa iba na nakapaligid sa atin.

3. Ang awa ng Diyos Kay Joseph noong siya ay itinapon sa kulungan dahil sa paginsulto ng asawa ni Potipar. "21 Datapuwa't ang Panginoon ay suma kay Jose, at iginawad sa kaniya ang awa, at pinagkalooban ng biyaya sa paningin ng katiwala sa bilangguan." (Genesis 39:21) Alam na natin ang kuwento ni Jose na iponagbili siya ng kanyang mga kapatid, dinala siya sa Ehipto, nagtrabaho siya bilang alipin, at lingkod sa bahay ni Potiphar, umunlad siya sa kanyang pagsisilbi at makatanggap siya ng pabor mula sa kanyang panginoon, at pinagpala ng Diyos ang kanyang panginoon dahil kay Jose. Ngunit ngayon, dito sa kondisyon ni Jose sa bilangguan ay miserable. Siya ay inuusig, inabuso, at sinaktan ng kawalan ng katarungan. Siya ay nagtrabahong mabuti upang maitatag ang kanyang sarili sa bahay ni Potiphar marami siya nakamit na tagumpay, ngunit dito makikita natin na ang babae ay gumawa ng masama sa kanya. Nagpakita ng awa ang Diyos patungo kay Jose, sa pagbibigay ng pabor sa paningin ng tagabantay ng bilangguan. Ang pabor na iyon ang nagpanatili sa kanya upang maghintay hanggang sa oras na kailanganin na siya ni Pharaon.Sinubukan ni Jose na umalis ng mas maaga ngunit hindi ito gumana,sapagkat may tiyak na panahon ang Diyos para sa kanya at kailangan niya manatili doon hanggang sa itinakda ng Diyos. Kung may iba na darating at tulungan si Jose na makalaya ng mas maaga ito'y hindi ayon sa awa ng Diyos, Siya ay makakalaya ngunit ang plano ng Diyos ay hindi matutupad sa kanyang buhay. Dito si Jose bagaman nahulog sa kamay ng gumagawa ng masama, at nasa ilalim ng kawalang ng hustisya, ang Panginoon ay sinadya ito para kay Jose sa karagdagang nagtataguyod at maitaas siya. Ang awa ng Diyos ay ipinagkaloob para Kay Jose upang mkatulong sa kanya sa na manatili sa miserbale luagr ang bilangguan. Si Jose ay kailangan manatili doon hanggang sa oras na siya ay ilabas upang tumayo sa harapan ni Pharaon.

Ang awa ng Diyos ang magpapanatili sa atin hanggang sa oras na maabot natin ang ating promosyon. Kailangan nating manalangin at umiyak sa Diyos upang makamtan ang awa sa atin hanggang sa oras na Siya dumating at kunin tayo na makasama Siya sa langit at magpakailanman.

Kailangan natin maintindihann ang paraan ng Diyos upang ating maunawaan paano ipinapakita ng Diyos anh Kanyang awa tapos maari nating gayahin ang Diyos at matanggap mula sa Kanya ang awa. Maaring hindi natin maunawaan ang awa ng Diyos sa oras ng ating kapighatian. Kailangan ng marami biyaya mula sa Diyos upang mapagtanto natin paano Siya ay maawain sa atin kahit sa oras na nasa gitna tayo ng kaguluhan.

Parte ng ating paglago at pagkahinog kung hinahayaan ng Diyos na dumaan sa ganito miserable karanasan sa ating buhay. Kailangan natin maunawaan at tanggapin na ating paghihirap na hinahayaan ng Diyos ay bagay na mabuti para sa ating benespisyo na isang araw ay maani ang awa nh Diyos sa atin.

Ito ay awa ng Diyos na hindi palabasin si Jose ng MA's maaga sa bilangguan. Ito ang awa ng Diyos upang patunayan kay Jose na manatili sa bilangguan hanggang sa oras na mailabas na maging pangalawa kay Pharaon. Sa tiyak na oras hindi natin maunawaan ano ang nangyayari sapagkat hindi natin mauanwaan ang buong pangyayari na itinalaga ng Panginoon sa ating buhay.

4. Si Jacob ay nagapela ng awa sa Diyos sa mga tao sa Ehipto (Jose) na ibalik si Simon at Benjamin kasama ng kanyang mga anak. "4 At pagkalooban nawa kayo ng Dios na Makapangyarihan sa lahat ng kaawaan sa harap ng lalaking yaon, upang isauli sa inyo ang inyong isang kapatid at si Benjamin. At kung mawalan ako ng mga anak, ay mawalan ako." (Genesis 43:14) Ang pangyayari ito ay dalamput dalawang taong (22) mawala si Jose, Si Jose ay ipinagbili nung siya 17 taon. Sa taong tatlumpo (30) lumabas mula sa bilangguan na maging tagapagsilbi kay Pharaon. Pitong taong kasaganaan nagawa ang kanyang edad na 37 at nakarap niya ang kanyang mga kapatid sa pangalawang taong ng kahirapan noong siya ay 39 na taong gulang.

Si Jacob ay nagdamdam ng higit pagkatapos na mabalitan na nawala ang kanyang anak na si Jose. Ang kanyang ibang anak ay nagsabwatan laban Kay Jose dahil siya pinapaboran ni Jacob, at naging sanhi sa kanya na maipagbili na dalhin sa Ehipto bilang alipin. Si Jacob ay nagpakita ng pagtatangi sa kanyang mga anak, at nagdulot sa kanya ng marami kaguluhan; samakatuwid, ito'y napakagulo sitwasyon sa panahon na iyon na kung ano ginawa ng mga kapatid na masama patungo kay Jose. Sa wakas ang Panginoon ay nagpakita ng higit na awa noong magsisi ang kanyang mga kapatid sa kanilang mga kasalanan at nagpakita ng kanilang kagustuhan na maging tapat,na pagkakatiwalaan at responsable. Nagpakita ang Diyos ng higit na awa noong sila'y nagsisi, at sa wakas, silang lahat ay dinala sa Ehipto, upang ibigay ng maayos at upang mabigyan ng maayos. Si Jacob ay humiling ng awa sa anyo na ipadala na ibalik si Simeon at Benjamin sa kanya, subalit noong ang kanyang mga anak ay nagsisi nagpakita ang Diyos sa kanila ng higit na awa. Ang awa ng Diyos ay higit sa ano ating hinihingi at imahinasyon. Sa parehong paraan, ang Diyos ay gagawa ng pareho sa atin kung tayo magsisi si sa ating mga kasalanan, at baguhin at ilagay ang mga ito alinsunod sa paraan ng Diyos. Siya ay magpapakita ng higit na awa kaysa sa ano hinihingi natin sa Kanya. Ang sitwasyon na maari nating pagdaan ay maari misteryoso, taggutom, magulong relasyon, ngunit ang Diyos ay buong kontrol at hinaharap Niya ang kasalanan at dinadala Niya ang Kanyang paghatol at may kasama awa na sumasabay din sa ating pagsisisi. Sa tiyak na na panahon tayo ay nagtatanong bakit may mga bagay na kailangan mangyari ng mahabang panahon? Ito ay dahil hinaharap ng Diyos ang marami ang iba't ibang isyu at kasalanan at ito'y magtatagal depende sa alalahanin ng mga tao at kabilang tayo sa kanila kung ginawa natin ang ating pagpapasaya na magsisi at gawin ano ang gusto ng Diyos mula sa atin na gawin natin.

Isipan kung paano kumilos ang Diyos sa kapatid ni Jose at sa kanyang Ama na si Jacob kung sila'y hindi nagsisi? Napilitan si Jacob na ipadala si Benjamin sa kabila ng lahat ng paboritismo. Noong pinigilan ni Jose si Benjamin, lumapit si Judah at nagpaliwanag kay Jose paano ang kanilang Ama ay nakagapos kay Benjamin at kung ano mangyayari Kay Jacob sa kanilang Ama, kung si Benjamin ay hindi nila kasama. Sinabi din ni Judah kay Jose na siya na lamang ang kunin kasya sa batang lalaki dahil ang buhay buhay ng kanyang Ama ay nakadugtonh sa batang lalaki. "30Ngayon nga'y kung ako'y dumating sa iyong lingkod na aking ama, at ang bata ay hindi namin kasama; sapagka't ang kaniyang buhay ay natatali sa buhay ng batang iyan; 31Ay mangyayari nga na pagka kaniyang nakitang ang bata ay di namin kasama, na mamamatay siya: at ibababa sa Sheol na may kapanglawan ng iyong mga lingkod ang mga uban ng iyong lingkod na aming ama. 32Sapagka't ang iyong lingkod ang siyang nanagot sa bata sa aking ama, na nagsasabi: Kung hindi ko siya dalhin sa iyo, ay papasanin ko nga ang kasalanan sa aking ama magpakailan man. 33Ngayon nga, ay ipahintulot mo na ang iyong lingkod, aking isinasamo sa iyo, ay maiwan na kahalili ng bata na pinakaalipin ng aking panginoon; at iyong ipahintulot na ang bata ay umahong kasama ng kaniyang mga kapatid. 34Sapagka't paanong paroroon ako sa aking ama, at ang bata'y di ko kasama? Baka aking makita pa ang sakunang sasapit sa aking ama." (Genesis 44:30-34) Ang Kasulatan ay katulad ng totoong pelikula, at nagpapakita sa atin ng totoong pangyayari at bigyan tayo ng kasalanan paano natin pagnilayan ito sa ating buhay. Kinailangan mg Diyos na harapin ang paboritismo ni Jacob, ang paninibugho ng mga kapatid, ang kanilang krimen, ang kanilang pagsisinungaling, ang kanilang pagtatago mula sa kanilang Ama sa anong kanilang ginawa, tapos ang Panginoon ay pinalaya sila ng Kanyang boung kaawaan.

Sa aking mahal at minamahal: Upang ipakita ang awa ay pagtuturo sa mga lalaki na walang alam, kung saan wala alama sa Salita ng. Diyos at kalooban ng Diyos, pagbibigaybsa kanila ng ggpayp at direksyon sa buhay at payo.

Upang maipakita ang awa ay pagaaliw sa mga namimighati.

Upang maipakita ang awa ya lubhang kalugod lugod at kanais nais sa Diyos; at ito'y hinhingi mula sa ating mga ank ng Diyos at gagawin tayong katulad Niya na ating Ama nasa langit.

Upang ipakita ng awa ay makakuha ng awa mula sa mga lalaki at ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo bilang tayo ay maawain sa iba tulad ng paggabay sa atin ng Banal na Espiritu.

Noong tayo naligtas sa dugo ni Kristo Jesus, tayo ay tumanggap ng awa ng Diyos sa kapatawaran ng ating mga kasalanan. Kaya't mula sa sandali na iyon tayo ay tinawag na makonsensiya na mapagbigay, at magpakita ng awa sa mga nangangailangan sa atin. Kasama dito tayo din ay maging karapat dapat na makakuha ng biyaya at awa upang tulungan tayo sa oras ng ating pangangailangan.

Maging masipag na abutin ang mg tao na gusto ng Diyos na abutin mo at tulungan sila. Maging mapagpasensiya at nais na magdusa upang maipakita ang awa sa iba at ito ang paraan na makakuha ka ng awa mula sa Diyos.

Samakatuwid, kailangan din natin na ipakita ang awa kahit saan tayo ay iginagabay ng Diyos, dahil hindi natin alam anong oras na kailangan natin ang Diyis na ibalik ang ganitong awa sa atin.

Isaalang alang din natin na sa ilang mga panahon na ang Diyos ay may kinukuha mula sa atin, Siya ay pagpapalain tayo at Siya ay magpapakita ng awa sa atin.

Habang itinatakda na natin ang ating puso na mamuhay na makaDiyos na buhay, na magkaroon ng makaDiyos na pamilya, na mapalaki ang ating mga anak sa makaDiyos na paraan, ang Diyos ay pararangalan ang ating ninanais para sa ating mga anak na magkaroon ng makaDiyos na pamilya, na Siya ang hahanao para sa kanila ng makaDiyos na asawa kung saan Siya ang magbubuo sa kanilang makaDiyos na pamilya at sila'y magkakaroon ng makaDiyos na mga anak.

Ang awa ng Diyos ay nagpapakita sa atin ng awa sa paraan na kung ano balak na maging masama para sa atin ay magiging kabutihan sa atin. Kailangan natin mainintidan ang paraan ng Diyos upang ating maunawaan kung paano ang Diyos ay ipakita ang Kanyang awa, tapos maari na nating gayahin at tanggapin ang awa mula sa Kanya. Maari hindi natin maunawaan ang kaawaan ng Diyos sa panahon ng ating pagdadalamhati. Kailangan natin ng mas higit na biyaya mula sa Diyos upang mapagtanto natin kung paano ng Siya ay maawain sa atin kahit sa panahon sa gitna ng gulo. Sa tiyak na panahon Hindi natin maunawaan ano ang nangyayari sapagkat hindi natin maunawaan at makita ang buong pangyayari na ang Panginoon ang nagtalaga sa ating buhay.

Bahagi ng ating paglago at pagkahinog ay kung hinahayaan ng Diyos na tayo ay dumaan sa ganito miserableng pangyayari sa ating buhay. Kailangan natin maintindihan at tanggapin na ang ating paghihirap ay hinayaan ng Diyos ay isang bagay na mabuti para sa ating benepisyo na isang araw ay aanihin ang awa ng Diyos sa atin.

Ang awa ng Diyos ay magpapanatili sa atin hanggang ang oras na maabot ang pagtataas sa atin. Kailangan nating manalangin at umiyak sa Diyos upang magkaroon ng awa ng sa atin, hanggang sa oras na Siya any dumating at kunin tayo kasama Niya sa langit magpakailanman.

Ang sitwasyon na maarin nating pagdaanan ay maari misteryoso, matalinong kagutuman,kaguluhan na relasyon, ngunit ang Diyos ay buong kontrol at hinaharap Niya ang kasalanan, at ipinapadala Niya ang Kaniyang hustisya at awa na kasama din ang ating pagsisisi. Sa tiyak na panahon tayo ay nagtatanong bakit may bagay na kailangan magtagal na mangyari? Dahil ang Diyos dito ay hinaharap ang iba't ibang kayo at mga kasalanan at ito'y magtatagal dependent sa mga alalahanin ng tao at kasama tayo sa kanila kung tayo ay gagawa ng pagpapasiya na magsisi at gawin kung ano ang gusto ng Diyos mula sa atin na gawin natin.

Ang aking Panalangin: Ama naming Diyos,ako lumalapit sayo bago sa pangalan ni Jesus, na kung saan namatay sa krus sa aking kasalanan para mabigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ihayag at talikuran ang ating mga kasalanan sa Panginoon. Ating talikuran ang kamunduhan, ating mga idolo, at ang maling plano, at ang mali pamamaraan ng buhay na salungat sa Salita ng Diyos. Ating talikuran ang ating katigasan ng ulo, pagmamataas, kawalan ng pagpapakumbaba, pagkampante, kawalan ng pagtatalaga ng sarili. Ating alalahanin ang lahat ang ating mga kasalanan na nagawa natin dati at ating pagsisisihan ang lahat ng iyon.

Ating ibigay ang ating sarili na mamuhay sa kabanalan, at makinig at sumunod sa boses ng Diyos at gawin ng may kasigasigan ano ang Kanyang hinihingi sa atin na gawin at ipakita ang awa sa mga nais Niyang ipakita sa atin. Ating ibigay ang ating sarili na may pagkakaisa at pakikipagkasundo sa simbahan mg Diyos na ibinigay sa atin. Ating ibigay ang ating sarili na sumunod sa katuruan sa mensahe ito at at ibahagi ang awa ating pamilya, kaibigan at kamaganak at gamitin ito upang maikatuparan ang dakilang komisyon ni Jesus na gusto ng Panginoon na makasama tayo.

Ating bigyang pasalamat ang Diyos sa awa na ating natanggap mula sa Panginoon sa pagligtas sa atin, sa pagpapagaling sa atin, sa pagpapaplaya sa atinula sa kaguluhan, at sa pagbibigay pabor sa atin at awa sa oras ng ating pangangailangan.

Panginoon itinalaga ko ang aking buhay na maging maawain bilang pagpapakita ng awa mo ng awa sa akin. Panginoon, itinatalaga ko ang aking sarili na dinggin ang iyong boses at sa mga tagubilin ng Iyong Salita. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na ipahayag ang iyong Mabuting Balita sa akin pamilya, sa aking kasambahay, kaibigan at mga kamaganakan upang ipakita sa kanila ang parehong awa na ipinakita mo sa akin.

Panginoon ipinapanalangin ko aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba anh kanilang mga sarili bago sayo na mamuhay ng buhay na matuwid na nais mong buhay sa kanila at isabuhay ang prinsipyo na natutunan namin sa mula sa iyong Salita sa mensahe ito. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat kanilang kailangan. Panginoon kalingain mo sila at tiyakin sa kanila na ikaw ay kasama nila at ginagabayan sila sa kanilang buhay.Panginonn pununin mo ulit sila ng iyong Banal na Espiritu at gawin mong buhay na patotoo na makakenganyo sa iba upang ng sa gayon ang mga tao ay maniwala sayo at simulang sumunod sayo at mamuhay ng naayon sa iyong Salita. Panginoon gamitin mo sila na makapagpahayag ng iyong ebanghelyo at makagawa ng bagong alagad mo.

Panginoon ipinapanalangin ko kami bilang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang pangangailangan namin upang magpatuloy na magsilbi sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban.Panginoon ibaba mo ulit sa amin ang iyong Banal na Espiritu at bigyang daan kami na makapaghayag ng iyong ebanghelyo at maabot ang bago tao ng Mabuting Balita ni Jesus Kristo at kasama ng Salita ng Diyos. Panginoon kamiy nanalangin na ikaw ay magbigay daan sa amin upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bago kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain mo kami palawakin mo ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay kasama namin at iligtas kami sa kapahamakan upang sa ganon hindi kami masakitan. Nawa ang pagpapala ng Panginoon Hesus at pagibig ng Diyos at ang pagkikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay suma ating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.